


7

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 9: Kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya at ang Pagkakakilanlan ng Kulturang Asyano



**Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikatlong Markahan – Modyul 9: Kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya at ang**  
**Pagkakakilanlan ng Kulturang Asyano**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Alberto F. Rivera  
**Editor:** Angie Lyka L. Galaroza  
**Tagasuri:** Zenon M. Oblan  
**Tagaguhit:** Alberto F. Rivera  
**Tagalapat:** Liezl O. Arosio, Leomar G. Paracha  
**Tagapamahala:** Dr. Benjamin D. Paragas  
Mariflor B. Musa  
Danilo C. Padilla  
Freddie Rey R. Ramirez  
Cyril C. Serador  
Ronald S. Brillantes  
Marites L. Arenio  
Eva Joyce C. Presto  
Rhea Ann A. Navila

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – MIMAROPA Region**  
Meralco Ave cor St. Paul Road, Pasig City  
Tel No. (02)8631-4070; (02)8637-3093  
Email : [rimaropa.region@deped.gov.ph](mailto:rimaropa.region@deped.gov.ph); [region4b@deped.gov.ph](mailto:region4b@deped.gov.ph)

# **Araling Panlipunan**

**Ikatlong Markahan – Modyul 9:  
Kontribusyon ng Timog at Kanlurang  
Asya at ang Pagkakakilanlan  
ng Kulturang Asyano**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Sa simula pa lamang ng pagtalakay ng kasaysayan ng Asya, nalaman na natin kung gaano ito kayaman at tunay na puno ng mga hamon upang patuloy na makamtan ang hinahangad na kalayaan. Subalit, hindi maisasantabi ang yaman ng Asya bilang isang malaking pitak o bahagi ng mundong ginagalawan. Lubhang napakaraming mga kontribusyon o ambag ang naibahagi ng mga Asyano sa daigdig, mga kontribusyong tumulong sa paghubog ng ating pagkatao at kasaysayan.

Maraming mga tanong ang maaaring maiugnay upang higit na maintindihan ang mga kontribusyon ng mga Asyano sa iba't ibang bahagi ng kontinente ng Asya. Ilan dito ay ang mga tanong kung paano, at saan nagmula, ang mga kontribusyon ng mga Asyano partikular sa tatlong mahahalagang aspeto-humanidades, panitikan, at palakasan. Ang lahat ng ito ay bibigyang linaw sa modyul na ito upang tulungan kang maunawaan ang kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya at ang Pagkakakilanlan ng Kulturang Asyano sa pamamagitan ng mga gawaing inihanda para sa iyo. Kaya't tara na, lakbayin natin ang daan tungo sa karunungan.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Naiisa-isa ang mga kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya;
2. Natutukoy ang mga kontribusyon sa Arkitekturang Asyano, Panitikang Asyano, Musika at sayaw ng mga Asyano, at Pampalakasan; at
3. Napahahalagahan ang mga kontribusyon ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutuhan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan:

### **PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)**

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 Siglo).

### **PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)**

Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa nang kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

### **PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)**

- Napapahalagahan ang mga kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya sa Kulturang Asyano. **(Week 8)**



## Subukin

**Panuto:** Basahing mabuti ang sumusunod na tanong at piliin ang titik ng tamang sagot. Gumamit ng sagutang papel.

1. Lumaganap ang impluwensiya ng bansang India sa Silangang Asya at Timog-Silangang Asya. Ang arkitekturang Indian ay makikita sa iba't ibang mga bansa. Anong bansa ang hindi makikitaan ng arkitekturang Indian?
  - A. Cambodia
  - B. Myanmar
  - C. Nepal
  - D. Singapore
2. Ano ang angkop na paglalarawan sa “Stupa”?
  - A. Gawa sa malalaking bato na may bilugang tambak na may tulis na tore
  - B. Gawa sa semento at malalaking bato na parisukat na may tulis na tore
  - C. Gawa sa laryo o bato na may mga bilugang umbok na may tulis na tore
  - D. Gawa sa pinatigas na putik na may mga pahabang umbok na may tulis na tore
3. Sino ang nagpatayo ng Taj Mahal?
  - A. Mulk Raj Anand
  - B. Mumtaz Mahal
  - C. Rabindranath Tagore
  - D. Shan Jahan
4. Ano ang dalawang obra maestra ng arkitekturang Indian?
  - A. Borobudur sa Java at Angkor Wat sa Cambodia
  - B. Lotus temple at Taj Mahal sa India
  - C. Taj Mahal sa India at Angkor Wat sa Cambodia
  - D. Wat Rong Khun sa Thailand at Lotus temple sa India
5. Ito ay itinuturing na pinakamahalagang pagpapahayag ng sining Islamik.
  - A. Masjid o Moske
  - B. Turbe
  - C. Mihrab
  - D. Ribat
6. Ang tala ukol ito na naglalarawan ng istrukturang may minbar o pulpito at mihrab o nitso na may madetalyeng disenyo. Ano ang tinutukoy nito?
  - A. Nagtuturo sa direksiyon ng Mecca
  - B. Nagtuturo sa direksiyon ng sambahan
  - C. Nagtuturo sa isang istrukturang templo
  - D. Nagtuturo sa kinalalagyan ng banal na aklat
7. Maraming nagawa ang mga Asyano sa larangan ng panitikan. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang dito?
  - A. Alamat
  - B. Kuwentong bayan
  - C. Epiko
  - D. Pahayagan

8. Ano ang pinakamatanda at pinakatanyag na koleksyon ng mga pabula na may maraming kuwento ukol sa mga alamat, engkantada, at pabula?
  - A. Gitanjali
  - B. Mahabharata
  - C. Panchantantra
  - D. Shakuntala
9. Sino ang kauna-unahang Asyano na nagwagi noong 1913 ng Gawad Nobel para sa panitikan?
  - A. Omar Khayyam
  - B. Rabindranath Tagore
  - C. Shmuel Yosef Agron
  - D. Yehuda Amichai
10. Anong libro ang naging popular na hango sa kuwentong Indian na nagsasalaysay ito ng isang magandang princesa na nilibang ang hari upang hindi matuloy ang pagbitay sa kanya?
  - A. "Rubaiyat"
  - B. "Forty Thieves"
  - C. "Ang Pakikipagsapalaran ni Sinbad"
  - D. "A Thousand and One Nights" or "Arabian Nights"
11. Sa maraming bansa sa Asya, ang musika at sayaw ay bahagi ng ritwal sa panganganak, pag-aasawa, at kamatayan. Bagaman maraming mga bansa rito ang nasakop ng mga Kanluranin, nananatiling buo ang tradisyong musikal ng mga Asyano dahil na rin sa mahigpit at matibay na pundasyon nito. Ano ang mas binibigyang-diin ng mga Asyano sa larangan ng pagsasayaw?
  - A. Ang galaw ng ulo at katawan ng tao
  - B. Ang galaw ng paa at katawan ng tao
  - C. Ang galaw ng kamay at katawan ng tao
  - D. Ang galaw ng beywang at kilos ng katawan ng tao
12. Isang paniniwala ng mga Hindu ang tinatawag na Nirvana. Ano ang kahulugan ng Nirvana?
  - A. Ganap na tagumpay ng isang tao
  - B. Ganap na kalinisan ng isang tao
  - C. Ganap na kasikatan ng isang tao
  - D. Ganap na kaligayahan ng isang tao
13. Sa mga lungsod ng Mecca, Ukash, at Medina sa Saudi Arabia pumupunta ang manunulat, payaso, at musikero upang mag-aral at magpakadalubhasa sa musika. Saan nagmula ang mga instrumentong pangmusika na harpa at trumpeta?
  - A. India
  - B. Iraq
  - C. Israel
  - D. Saudi Arabia

14. Sa anong bansa nagmula ang larong chess, baraha, at martial arts tulad ng judo at karate?
- China
  - India
  - Japan
  - Korea
15. May ebidensiya na natagpuan sa kabihasnang Sumer noong 300 hanggang 1500 BCE. Pinapatunayan nito na ang mga Asyano ay may angking talento sa larangan ng pampalakasan, sa natagpuang tabletang luwad. Anong uri ng paglalaro ang nakita dito?
- Buno (wrestling at boksing)
  - Mahusay mangabayo
  - Paglalangoy bilang bahagi ng pakikidigma
  - Takbuhan at pangingisda

## Aralin

# 1

## Kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya at ang Pagkakakilanlan ng Kulturang Asyano

Nabanggit natin sa nakaraang aralin ang mga pagbabago sa iba pang aspekto ng pamumuhay sa Timog at Kanlurang Asya.

Natatandaan mo ba ang mga ito? Halika na, sagutin mo ang mga gawain!



### *Balikan*

#### **Gawain: Pahayag-Suri**

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang mga pahayag na tama at ekis (x) ang mga pahayag na mali sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang. Gumamit ng sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang kalakalan ay mahalaga sa pag-unlad at pagpapalitan ng kultura ng iba't ibang bansa.
- \_\_\_\_\_ 2. Maraming aspekto ang relihiyon na nakaaapekto sa kalagayan ng mga kalalaking Asyano.
- \_\_\_\_\_ 3. Neokolonyalismo ang bagong paraan ng pananakop ng mga bansang makapangyarihan na hindi gumagamit ng lakas ng hukbong sandatahan.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang edukasyon ay lubhang mahalaga sa pamumuhay ng mga Asyano.
- \_\_\_\_\_ 5. Nagsimula ang krisis pang-ekonomiya sa Singapore noong 1997.

Dahil natapos mo nang sagutan ang Pahayag-Suri, maaari mo nang sagutan ang susunod na gawain. Dito maipakikita mo ang iyong nalalaman tungkol sa



kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya at ang pagkakakilanlan ng kulturang Asyano.



## Tuklasin

### Gawain: Pag-isipan Mo

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang salitang naglalarawan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang. Gumamit ng sagutang papel.

Ribat	Naim Suleymanogi	Gwada Showaa
Taj Mahal	Shakuntala	Golpa Guccha
Kabaddi	Mecca	Rubaiyat
Shmuel Yosef Agnon	Mahabharata at Ramayana	

\_\_\_\_\_1. Atletang nakilala sa paglalaro ng *hurdles* at *high jump* mula sa bansang Syria. Dahil sa kaniyang pagkapanalo, nagpista nang isang linggo ang bansang Syria.

\_\_\_\_\_2. Gusaling panrelihiyon may parisukat na hugis, ang entrada ay napapalamutian, at sa gitna ay may patyo.

\_\_\_\_\_3. Isang napakagandang tula na isinulat ni Omar Khayyam.

\_\_\_\_\_4. Pangkatang laro. Nangangailangan ng dalawang pangkat para makakuha ng mataas na iskor. Ang gagawin lamang ng magkabilang pangkat ay manghuhuli ng miyembro ng katunggaling pangkat.

\_\_\_\_\_5. Dalawang mahalagang epiko ng India. Nagsasalaysay ito ng pantribong digmaan at buhay ng isang lalaking bida sa epiko.

\_\_\_\_\_6. Isang akda na ginawa ni Rabindranath Tagore na kaniyang koleksyon ng mga kuwento ukol sa ordinaryong pamumuhay at dinadanas na paghihirap ng mga tao.

\_\_\_\_\_7. Akdang ginawa ni Kalidasa, ito ay tungkol sa pag-ibig ni Haring Dusyanta sa isang Ermitanya.

\_\_\_\_\_8. Sa kaniyang akda na “The Bridal Canopy” at “A Guest for the Night” na taga-Israel na kauna-unahang Hudyo na tumanggap siya ng Nobel Prize.

\_\_\_\_\_9. Ipinatayo ni Shah Jahan para sa kaniyang pinakamamahal na asawa na namatay sa panganganak sa ikalabing-apat nilang anak.

\_\_\_\_\_10. Ang banal na lungsod ng mga Muslim.

Magaling! Narating mo ang ikatlong bahagi ng aralin na ito. Ngayon naman ay lalo mong ganap na mauunawaan ang ating paksa.

Halina’t suriin ang kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya at ang pagkakakilanlan ng Kulturang Asyano.



## **Suriin**

Ang mga Asyano ay maipagmamalaki sa buong daigdig. Hindi pahuhuli ang mga bansa sa Asya sa larangang makapagbibigay ng karangalan. Ang mga tagumpay at papuring nakamit ng mga kapwa natin Asyano ay dapat nating ipagpunyagi at ipagmalaki.

Ikaw ba ay may mga kilalang Asyanong mula sa Timog at Kanlurang Asya na sumikat dahil sa kanilang husay sa pag-awit, galing sa pagsulat, at maging tibay sa larangan ng isports? Ang araling ito ay nakatuon sa ambag o kontribusyon ng mga Asyano sa tatlong mahahalagang aspeto - humanidades, panitikan, at palakasan.

### **Mga Kontribusyon sa Larangan ng Humanidades**

Saklaw ng paksang ito ang sayaw, awitin, at dulaan. Sa pangkalahatan, ito ay nabibilang sa tinatawag na *performing arts*.

### **Mga Kontribusyon sa Larangan ng Panitikan**

Ang panitikang Asyano ay lubos na napakayaman at maaring ihanay sa mga dakilang akda sa buong daigdig. Sinasalamin ng panitikan ang relihiyon, kultura, kasaysayan ng tao. (Halimbawa, ang “Pachantantra” na isinulat ni Rabindranath Tagore na kauna-unahang Asyano na nagwagi ng Gawad Nobel para sa panitikan).

### **Mga Kontribusyon sa Larangan ng Palakasan**


Tanyag ang Asyano sa larangan ng palakasan. Kilala ang mga atletang Asyano sa basketbol at boksing. Dinadakila at tinitingala ang mga Asyanong nagkaloob ng karangalan sa kanilang bansa.

### **Arkitekturang Asyano**


Sa pagbuo ng kabihasnang Asyano at sa kabila ng naranasan na pananakop, naipakita rito ang maipagmamalaki, pagkakakilanlan, mataas na kakayahan, katalinuhan, at kakaibang galing ng mga Asyano sa iba’t ibang larangan tulad ng sining, humanidades, at pampalakasan. Ang sentro ng paggawa ng mga Asyano sa iba’t ibang larangan ay nakapaloob sa relihiyong niyakap at kinagisnan.

### **Timog Asya**

Kakaiba ang rehiyon ng Timog Asya na sa kabila ng impluwensiya ng mga mananakop hindi natinag ang kulturang nabuo sa pagkakakilanlan bilang isa sa rehiyon na mayaman sa kultura. Lumaganap ang impluwensiya ng India sa rehiyon ng Silangang Asya at Timog-Silangang Asya. Ang arkitekturang Indian ay makikita sa Myanmar, Indonesia, Cambodia, Nepal, Pakistan, Sri Lanka, at Thailand.



Angkor Wat



Taj Mahal




Borobudur Temple

Sa relihiyong Hinduismo, Budismo, at Islam iniuugnay ang bawat gusali na nililikha nila. May dalawang tanda ng arkitekturang Indian, ang kilalang templong budista sa India, ang Stupa, na gawa sa laryo o bato na may mga bilugang umbok na may tulis na tore. Dito inilalagay ang mga sagrado at panrelihiyong relikyang. Ang Taj Mahal ipinatayo ni Shah Jahan para sa kaniyang asawa na si Mumtaz Mahal na namatay sa ikalabing-apat nilang anak. Ito ay itinuturing sa isa sa “*New Seven Wonders of the World.*” Ang arkitekturang Indian ay ang templo ng Borobudur sa Java at ang Angkor Wat sa Cambodia.


### Kanlurang Asya

Ang mga istruktura na itinayo ay pawang may kinalaman sa relihiyon na makikita sa mga bansa sa Kanluran at Timog Asya.

Ang kilalang arkitekturang Islamik ay ang *masjid* o moske. Itinuturing ito na pinakamahalagang pagpapahayag ng sining Islamik. Ang tala ukol dito ay naglalarawan ng istrukturang may *minbar* o pulpito at *mihrab* o nitso na may madetalyeng disenyo at nagtuturo sa direksiyon ng Mecca, ang banal na lungsod ng mga Muslim. Ang moske ay napapalamutian ng marmol, *mosaic*, at gawang kahoy. May isa pang gusaling panrelihiyon ang *ribat*. Ito ay parisukat na hugis, ang entrada ay napapalamutian, at sa gitna ay may patyo. Ang isa pang uri ng gusaling Islamik ay ang *turbe* (tomb), ang musoleo ng sektang Shi’ite. Ito ay may maliliit na gusali na hugis bilugan, ang bubungan ay may *turret* na hugis dulo ng lapis.



Mecca



Moske


## **Panitikang Asyano**

Maraming nagawa ang mga Asyano sa larangan ng panitikan. Mayaman ang panitikang Asyano sa mga kuwentong bayan, alamat, epiko, tula, maikling kuwento, at dula.

### **Timog Asya**

Ang Pilipinas, Indonesia, Sri Lanka, at Pakistan ang mga bansang naimpluwensyahan ng panitikang India na nakasulat sa wikang klasikal na Sanskrit. May paniniwala na sa India nagmula ang mga sinaunang kuwento. May dalawang mahalagang epiko ang India, ang “Mahabharata” at “Ramayana”. Ang “Mahabharata” ay nagsasalaysay ng pantribong digmaan at “Ramayana” ay patungkol sa buhay ni Rama, ang bidang lalaki sa epiko.

Si Kalidasa, ang itinuturing na pinakadakilang dramatis ng India at siyang may-akda ng “Shakuntala”. Siya ay maihahanay sa mga mahuhusay na mga Europeong tulad ni William Shakespeare.



Ang “Panchatantra” ang itinuturing na pinakamatanda at pinakatanyag na koleksyon ng mga pabula na may maraming kuwento ukol sa alamat, engkantada, at pabula. Si Rabindranath Tagore, ang kauna-unahang Asyano na nagwagi ng Gawan Nobel para sa panitikan noong 1913.

Kahanga-hanga ang kaniyang mga tula at kuwento. Sa kaniyang mga akda, hinikayat ang mga kapwa Indian na ipagmalaki ang lahing Indian. Lahay ng kaniyang akda ay naglalarawan ng kagandahan ng kalikasan at pampolitika. Ang “Gitanjali” na naglalaman ng maraming tula at ang “Golpa Guccha” na naglalaman ng mga kuwento ukol sa ordinaryong pamumuhay at paghihirap na dinadanas ng mga tao.

**Rabindranath Tagore**

### **Kanlurang Asya**

Mula sa bansang Iran ang aklat na “A Thousand and One Nights” na mas kilalang “Arabian Nights,” ito ay kuwentong Persiano na hango sa kuwentong Indian. Isinasalaysay dito ang isang prinsesa na si Scheherazade na nililibang ang hari upang hindi matuloy ang pagbitay sa kaniya. Sa aklat na ito nagmula ang kwento ng “Ang Pakikipagsapalaran ni Sinbad,” at “The Tale of Alibaba and the Forty Thieves”.

Mula naman sa Israel, si Shmuel Yosef Agnon siya ang kauna-unahang Hudyo na nakatanggap ng Nobel Prize sa kanyang mga akda na “The Bridal Canopy” at “A Guest for the Night” noong 1966.

Isa pang taga-Israel ang nakilala sa kaniyang akda na “Songs of Jerusalem and Myself” si Yehuda Anichai. “

Ang “Rubaiyat” ay napakagandang tula na isinulat ni Omar Khayyam. Ang inspirasyon ng mga Arabe sa paggawa ay may kaugnay sa relihiyong Islam na pinaniniwalaan nila.


## Musika at Sayaw ng mga Asyano

Sa maraming bansa sa Asya, ang musika at sayaw ay bahagi ng ritwal sa panganganak, pag-aasawa, at kamatayan. Bagaman, maraming mga bansa rito ang nasakop ng mga Kanluranin, nananatiling buo ang tradisyong musikal ng mga Asyano dahil na rin sa mahigpit at matibay na pundasyon nito. Sa sayaw mas binibigyang-diin ng mga Asyano ang galaw ng kamay at katawan ng tao.


## Musika at Sayaw ng Indian

Sa bansang India ay mahigpit ang pagtuturo sa mga nais mag-aral ng musika. Naniniwala ang mga Hindu na ang pinakamadaling paraan upang makamit ang Nirvana (ganap na kaligayahan), ay sa pamamagitan ng musika. Mahilig ang mga Hindu sa sayaw. May paniniwala sila na ito ang libangan ng kanilang mga Diyos. Patunay nito na kahit sa kanilang templo ay may mga nakaukit na sumasayaw.


Ang sitar na gawa sa pinatuyong upo at maraming kuwerdas ang pinakabantog na instrumento. Ang ragas ay isang musika na nag-aalis ng sakit. Mayroong tiyak na oras at panahon sa pagtugtog nito. May paniniwala ang mga Hindu na ang ayaw sumunod sa itinakdang oras ay malalagay sa panganib ang tinutugtugan at nakikinig nito. Maraming instrumento sa musika ang ginagamit tulad ng tamburin, plawta (*vina*), at tambol (*maridangan*).



plawta




tamburin



tambol

## Ang Musika at Sayaw ng mga Arabe



harpa

Sa mga lungsod ng Mecca, Ukash, at Medina sa Saudi Arabia pumupunta ang mga manunulat, payaso, at musikero upang mag-aral at magpakadalubhasa sa musika. May mga instrumentong pangmusikal na ginagamit tulad ng *mi'zafa*, *gussaba*, *mizmar*, at *tambourine*. Ang harpa at trumpeta ay nagmula sa Iraq. May isang sistema ng melodiya na ginagamit ng mga unang musikerong Arabe na katulad sa Ragas ng mga Hindu. Noong pumasok ang ika-19 na siglo, ang musikang Arabe ay impluwensiyado ng mga Europeo. Makikita ito sa kanilang martsa na gumagamit ng mga instrumentong banyaga.


## Pampalakasan

Ang palakasan ay naging isang daan upang magkabuklod-buklod ang mamamayang Asyano. Hindi na mabilang ang mga Asyanong naging matagumpay, nakilala, at hinangaan sa iba't ibang palaro. Nagsilbing inspirasyon upang patuloy na magkaisa at magnais ng kapayapaan ang lahat ng mamamayan sa Asya. Sa katunayan, ang isports ay naging bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga Asyano.


Ang karamihan ng mga larong kilala sa buong Asya at sa daigdig ay nagmula sa India. At ang karamihan nito ay inilalarawan sa tanyag na epikong “Mahabharata” na isinulat noong 800 BCE. Ang mga larong ito ay ginamit ng mahabang panahon hanggang sa ito ay mahaluan na ng iba't ibang paraan at pangalan.

Hindi lamang ang rehiyon ng Silangang Asya at Timog-Silangang Asya ang nakilala bilang isa sa mga orihinal na tagapagtatag ng mga natatanging palakasan nakilala rin sa iba't ibang bansa ang rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya. May tanyag na laro sa India, ang *kabaddi*, napakasimple, hindi magastos, at hindi nangangailangan ng malaking ispasyo para ito maisagawa. Nalinang ang larong ito ng may apat na libong taon na ang nakararaan upang makapagbigay tulong sa mga Indian na maproteksiyonan ang kanilang sarili laban sa mga paglusob ng mga kaaway.

Ang kabaddi ay pangkatang laro. Nangangailangan ng dalawang pangkat para makuha ang mataas na iskor. Sa bawat pangkat ay may pitong miyembro. Ang gagawin lang ng magkabilang pangkat ay manghuhuli ng miyembro ng katunggaling pangkat.



chess



baraha

Ang larong chess, baraha, at *martial arts* tulad ng *judo* at *karate* ay nagmula sa India. Ang baraha ang popular na laro sa mga hari at maharlika ng kahariang korte sa India. Ang *judo* at *karate* ay mahalagang pananggalang ng mga Budista sa mapanganib na paglalakbay patungong Japan, China, at Korea na nag-uugnay sa repleksiyong panloob ng mga Budista sa kanilang buhay.




judo



karate

May ebidensiya na natagpuan sa kabihasnang Sumer noong 300 hanggang 1500 BCE. Katunayan sa natagpuang tabletang luwad, napag-alaman na mayroon ng naglalaro na ng buno (*wrestling*) at boksing. Sa panahong Biblikal, ang ilan sa mga tansong istatwa ay nagpapakita ng larong buno. Sa panahon naman ng Ur may mga damahan naman. Pangangaso naman ang naging libangan ng mayayaman sa yugtong ito. Sa panahon ng Hittite nakilala ang kagalingan sa paglalangoy bilang bahagi ng pakikidigma. Sila ay nagtataglay na kalusugang pisikal. Ang sinaunang Israel ay kilala sa larong takbuhan at pangingsda. Ang mga Persiano ay mahusay mangabayo.

Sa mga atletang nakilala sa Asya sa bansang Syria, nanguna si Gwada Showaa sa *hurdles* at *high jump*. Dahil sa kanyang pagkapanalo, nagpista ng isang linggo ang bansang Syria. Gayundin si Naim Suleymanoghi, isang weight lifter na taga-Turkey na nag-uwi ng tatlong gintong medalya. Mahilig sa palakasan ang mga Asyano hindi lamang para manalo at makilala sa buong mundo, kundi taglay din ang katangiang dapat taglayin ng isang kasali sa laro.



## **Pagyamanin**

### **Gawain 1: Dugtungang Pangungusap**

**Panuto:** Dugtungan ang sumusunod na pangungusap. Gawin ito sa inilagay na patlang. Gumamit ng sagutang papel.

1. Ang kontribusyon ng mga Asyano ay...

---

---

2. Ang mga kontribusyon ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya ay...

---

---

3. Ang mga tagumpay at papuring nakamit ng mga kapwa natin Asyano ay...

---

---

4. Bilang Pilipino, nararapat na ipagmalaki mo ang ambag ng mga Asyano dahil...

---

---

5. Mapahahalagahan ko ang mga kontribusyong Asyano sa ganito paraan...

---

---

### Gawain 2: I-Simbolo Mo

**Panuto:** Ayon sa iba't ibang aspekto ng kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya, gumuhit ng isang bagay na kumakatawan o nagpapahayag ng iyong mga natutuhan. Iguhit sa loob ng kahon at isulat sa ibaba ang paliwanag ukol sa iyong ginuhit. Gawin ng malinis at kaaya-aya sa sagutang papel.

---

---

---

---

---

<b>PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG SIMBOLO</b>				
<b>Pamantayan</b>	<b>Deskripsiyon</b>	<b>Puntos</b>	<b>Angkop at maayos ang paggawa</b>	<b>Di-angkop ang paggawa</b>
Nilalaman	Ang ginawang simbolo ay mabisang nakakahikayat sa mga makakakita nito.	10	10	5



<b>PAMANTAYAN SA PAGPAPALIWANAG</b>				
<b>Pamantayan</b>	<b>Deskripsiyon</b>	<b>Puntos</b>	<b>Angkop at maayos ang pagpapaliwanag</b>	<b>Di-angkop ang pagpapaliwanag</b>
Pagkamalikhain	Ang paggamit ng mga angkop at malalim na salita na akma sa ginuhit upang lubos na maunawaan ito.	10	10	5
Kaangkupan sa tema	Angkop ang mga salitang ginamit sa pagpapaliwanag nito.	10	10	5

### **Gawain 3: Kung Ako lang Sana**

**Panuto:** Ipagpalagay na magkakaroon na eleksiyon para sa pinakapangulo ng buong Timog at Kanlurang Asya. Ikaw ay isa sa mga kandidato. Para sa iyong pangangampanya, sumulat ka nang isang plataporma tungkol sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy tungo sa hinaharap ng rehiyong iyong kinakatawan. Isulat sa ibaba ang iyong nais na plataporma. Gawin ito sa sagutang papel.

---



---



---



### **Isaisip**

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga katanungan. Sagutin ng buong katapatan at ipaliwanag. Isulat sa patlang ang sagot. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Paano ipinakita ng mga taga-Timog at Kanlurang Asya ang kanilang pagkakakilanlan sa kanilang kultura?

---



---



---

2. Ikaw, bilang Asyano at bilang Pilipino, paano mo mabibigyang halaga ang mga kontribusyon ng Timog at Kanlurang Asya?

---




---



---

<b>PAMANTAYAN SA PAGPAPALIWANAG</b>				
<b>Pamantayan</b>	<b>Deskripsiyon</b>	<b>Puntos</b>	<b>Angkop at maayos ang pagpapaliwanag</b>	<b>Di-angkop ang pagpapaliwanag</b>
Kaangkupan sa tema	Naipapaliwanag ang tanong 1 base sa araling tinalakay. Naipapaliwanag ang tanong 2 ayon sa positibong pananaw ng mag-aaral.	10	10	5



## ***Isagawa***

### **Gawain: Saludo Ako sa Iyo**

**Panuto:** Magsaliksik tungkol sa mga kilalang personalidad sa Timog at Kanlurang Asya na may mahahalagang kontribusyon sa Asya at sa daigdig. Suriin nang mabuti ang buhay at mga narating nito at gawin ang sumusunod na gawain. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Pumili ng sikat na Asyano na taga-Timog at Kanlurang Asya na may mahalagang kontribusyong nagawa sa Asya at sa daigdig sa larangan ng sining, humanidades, at palakasan.
2. Mga patnubay na tanong sa iyong gagawin. Ilagay ang kasagutan sa isang hiwalay na pahina para sa gagawing brochure o biodata.
  - a. Anong mga katangian ang naging puhunan nito upang marating niya ang kaniyang mithiin sa larangang ito?
  - b. Paano nakatulong ang kanyang pamilya, at karanasan sa buhay para marating ang kaniyang mithiin?
  - c. Ano ang mga hadlang na nalampasan niya para makarating sa tagumpay na kaniyang minimithi?
  - d. Paano niya binigyang-halaga ang kaniyang narating sa buhay?

**PAMANTAYAN PAGGAWA NG BROCHURE OR BIODATA MAKING**

<b>Pamantayan</b>	<b>10</b>	<b>5</b>	<b>3</b>
<b>Kaayusan ng Larawan at Disenyo</b>	Ang mga kulay na makikita sa <i>brochure</i> o <i>biodata</i> ay naaangkop at di masakit sa mata.	May mga bahagi ng lawaran o disenyo ang di madaling makita dahil sa kulay ng <i>background</i> .	Hindi malinaw ang kulay ng larawan at hindi maayos ang disenyo ng pagkakagawa.
<b>Kaakmaan ng Nilalaman</b>	Katangi-tangi ang impormasyong bunga ng matalinong pananaliksik na inilagay sa <i>brochure</i> o <i>biodata</i> .	Nakapaglagay ng impormasyon na magpapakita ng kagandahan na inilagay sa <i>brochure</i> o <i>biodata</i> .	Ordinaryo ang mga impormasyong inilagay at hindi sapat upang maipakita ang mga kasagutan sa mga tanong sa bilang 2.



**Tayahin**

**Panuto:** Basahing mabuti ang sumusunod na tanong at piliin ang titik ng tamang sagot. Gawin mo ito sa sagutang papel.

- Sino ang nagpatayo ng Taj Mahal?
  - Mulk Raj Anand
  - Mumtaz Mahal
  - Rabindranath Tagore
  - Shan Jahan
- Sa anong bansa nagmula ang larong chess, baraha, at martial arts tulad ng judo at karate?
  - China
  - India
  - Japan
  - Korea
- Ito ay itinuturing na pinakamahalagang pagpapahayag ng sining Islamik.
  - Masjid o Moske
  - Turbe
  - Mihrab
  - Ribat
- Maraming nagawa ang mga Asyano sa larangan ng panitikan. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang dito?

- A. Alamat
  - B. Kuwentong bayan
  - C. Epiko
  - D. Pahayagan
5. Sino ang kauna-unahang Asyano na nagwagi noong 1913 ng Gawad Nobel para sa panitikan?
- A. Omar Khayyam
  - B. Rabindranath Tagore
  - C. Shmuel Yosef Agron
  - D. Yehuda Amichai
6. Sa mga lungsod ng Mecca, Ukash, at Medina sa Saudi Arabia pumupunta ang manunulat, payaso, at musikero upang mag-aral at magpakadalubhasa sa musika. Saan nagmula ang mga instrumentong pangmusika na harpa at trumpeta?
- A. India
  - B. Iraq
  - C. Israel
  - D. Saudi Arabia
7. Ano ang pinakamatanda at pinakatanyag na koleksyon ng mga pabula na may maraming kuwento ukol sa mga alamat, engkantada, at pabula?
- A. Gitanjali
  - B. Mahabharata
  - C. Panchantantra
  - D. Shakuntala
8. Lumaganap ang impluwensiya ng bansang India sa Silangang Asya at Timog-Silangang Asya. Ang arkitekturang Indian ay makikita sa iba't ibang mga bansa. Anong bansa ang hindi makikitaan ng arkitekturang Indian?
- A. Cambodia
  - B. Myanmar
  - C. Nepal
  - D. Singapore
9. Ano ang dalawang obra maestra ng arkitekturang Indian?
- A. Borobudur sa Java at Angkor Wat sa Cambodia
  - B. Lotus temple at Taj Mahal sa India
  - C. Taj Mahal sa India at Angkor Wat sa Cambodia
  - D. Wat Rong Khun sa Thailand at Lotus temple sa India
10. Ano ang angkop na paglalarawan sa “Stupa”?
- A. Gawa sa malalaking bato na may bilugang tambak na may tulis na tore
  - B. Gawa sa semento at malalaking bato na parisukat na may tulis na tore
  - C. Gawa sa laryo o bato na may mga bilugang umbok na may tulis na tore
  - D. Gawa sa pinatigas na putik na may mga pahabang umbok na may tulis na tore
11. Isang paniniwala ng mga Hindu ang tinatawag na Nirvana. Ano ang kahulugan ng Nirvana?

- A. Ganap na tagumpay ng isang tao
  - B. Ganap na kalinisan ng isang tao
  - C. Ganap na kasikatan ng isang tao
  - D. Ganap na kaligayahan ng isang tao
12. Ang tala ukol ito na naglalarawan ng istrukturang may minbar o pulpito at mihrab o nitso na may madetalyeng disenyo. Ano ang tinutukoy nito?
- A. Nagtuturo sa direksiyon ng Mecca
  - B. Nagtuturo sa direksiyon ng sambahan
  - C. Nagtuturo sa isang istrukturang templo
  - D. Nagtuturo sa kinalalagyan ng banal na aklat
13. Anong libro ang naging popular na hango sa kuwentong Indian na nagsasalaysay ito ng isang magandang princesa na nilibang ang hari upang hindi matuloy ang pagbitay sa kanya?
- A. “Rubaiyat”
  - B. “Forty Thieves”
  - C. “Ang Pakikipagsapalaran ni Sinbad”
  - D. “A Thousand and One Nights” or “Arabian Nights”
14. Sa maraming bansa sa Asya, ang musika at sayaw ay bahagi ng ritwal sa panganganak, pag-aasawa, at kamatayan. Bagaman maraming mga bansa rito ang nasakop ng mga Kanluranin, nananatiling buo ang tradisyong musikal ng mga Asyano dahil na rin sa mahigpit at matibay na pundasyon nito. Ano ang mas binibigyang-diin ng mga Asyano sa larangan ng pagsasayaw?
- A. Ang galaw ng ulo at katawan ng tao
  - B. Ang galaw ng paa at katawan ng tao
  - C. Ang galaw ng kamay at katawan ng tao
  - D. Ang galaw ng beywang at kilos ng katawan ng tao
15. May ebidensiya na natagpuan sa kabihasnang Sumer noong 300 hanggang 1500 BCE. Pinapatunayan nito na ang mga Asyano ay may angking talento sa larangan ng pampalakasan, sa natagpuang tabletang luwad. Anong uri ng paglalaro ang nakita dito?
- A. Buno (wrestling at boksing)
  - B. Mahusay mangabayo
  - C. Paglalangoy bilang bahagi ng pakikidigma
  - D. Takbuhan at pangingsda



## ***Karagdagang Gawain***

### **Gawain: Sagot Mo, Ikahon Mo**

1. Bilang Pilipino at isang Asyano, paano nagsilbing inspirasyon sa iyo ang narating sa buhay ng piniling sikat na Asyano sa itaas? Isulat sa sagutang papel ang sagot.

---

---

---

---


2. Kung ikaw ay isang sikat na atletang Pilipino, ano ang maibabahagi mo sa kapuwa mo Pilipino, lalo na sa mga kabataang nagnanais na maging katulad mo? Isulat sa sagutang papel ang sagot.

---

---

---

---



# Susi sa Pagwawasto

<p>3. A 4. D 5. D 6. B 7. B 8. D 9. A 10. C 11. D 12. A 13. A 14. C 15. A</p> <p>3. D 4. A 5. A 6. A 7. D 8. B 9. D 10. A 11. C 12. D 13. B 14. B 15. A</p>	<p>2. ✓ 3. ✓ 4. ✓ 5. x</p>	<p>2. ribat 3. Rubaiyat 4. kabaddi 5. Mahabharata at Ramayana 6. Golpa Guicha 7. Shakunta 8. Shmuel Yosef Agnon 9. Taj Mahal 10. Mecca</p>
<p><b>Pagmamain</b></p> <p>Gawain 1 : Dugtunang Pangunusap 1. Sasagot ang mag-aaral ayon sa kanilang ideya o kaalaman. 2. Sasagot ang mag-aaral ayon sa kanilang ideya o kaalaman. 3. sa kanilang ideya o kaalaman. 4. mag-aaral. 5.</p> <p><b>Isaisip</b></p> <p>1-2. Sasagot ang mag-aaral ayon sa kanilang ideya o kaalaman.</p> <p><b>Isagawa</b></p> <p>Gawain 4: Saludo Ako Sa Iyo! 1-2. Kukuloktahn ng guro ang ginawang brochure o biodata ng mag-aaral</p> <p><b>Karagang Gawain</b></p> <p>Gawain 5: Sagot Mo, Ikaon Mo! 1-2. Isusulang ng mag-aaral ang kanilang ideya o kaalaman sa loob ng kahon.</p>		

# ***Sanggunan***

## **Encyclopedia**

Collier P.F. Collier's Encyclopedia P.F. Collier & Son Limited. 866 Third Avenue  
New York. N.Y. 10022. 1994. Vol 1, P. 283

Collier P.F. Collier's Encyclopedia P.F. Collier & Son Limited. 866 Third Avenue  
New York. N.Y. 10022. 1994. Vol 2, P. 392-393, 204, 404.

Collier P.F. Collier's Encyclopedia P.F. Collier & Son Limited. 866 Third Avenue  
New York. N.Y. 10022. 1994. Vol 15, P. 612

Collier P.F. Collier's Encyclopedia P.F. Collier & Son Limited. 866 Third Avenue  
New York. N.Y. 10022. 1994. Vol 17, P. 557

Collier P.F. Collier's Encyclopedia P.F. Collier & Son Limited. 866 Third Avenue  
New York. N.Y. 10022. 1994. Vol 22, P. 32, 46.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)